American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-6, Issue-3, pp-239-247
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# MGA PILING AKDANG PAMPANIKAN NG CANDELARIA, QUEZON BILANG KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG FILIPINO AT SA PAGPAPALAWAK NG TALASALITAAN

RAMCEE MORENO TOLENTINO, MAED[1], SAMUEL L. ABEL,[2] CLAIRE G. TABAONG[3]

[1](Senior High School Teacher Dr. Panfilo Castro National High School, Department of Education, Philippines)
[2](Senior High School Teacher Dr. Panfilo Castro National High School, Department of Education, Philippines)
[3](Senior High School TeacherDr. Panfilo Castro National High School, Department of Education, Philippines)

***ABSTRACT :*** This study focuses on Selected Literary Works of Candelaria, Quezon as a Teaching Tool for Filipino and Vocabulary Improvement, to determine the level of acceptance of the respondents based on objective, content, meaning and to improve the vocabulary based on, denotation, connotation and imagination. The researchers used an experimental method, and the respondents were 100 grade 12 students of Drs. Panfilo Castro National High School. The researchers created learning activity sheets based on the most essential leaning competencies that were provided to the respondents. After a few weeks of using it the researcher conducted a posttest, it turned out that the Selected Literary Works helped and improved their vocabulary

***Keywords –****Selected literature, Vocabulary of words, Filipino, Candelaria Quezon*

## I. PANIMULA

"HUWAG MAGING DUYUHAN SA SARILING BAYAN"

**-r.g.d**

Ang bawat lugar sa Pilipinas ay may kanya-kanyang pagkakakilanlan, mula sa kultura, tradisyong kanilang kinaugalian at maging sa wikang ginagamit ay magkakaiba ang bawat bawat kapuluan dito, ito ay maaaring mabakas sa kani-kanilang mga natatanging pampanitikan na maaring mabasa at kapulutan ng mga magagandang aral.

Ayon kay Baer (2017) sa kanyang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon edukasyon na nakaangkla sa seksyon 10.2, Implementing rules and regulations for RA 10533. Ang localized o kontektuwalized na kurikulum ay nakaangkla sa mga akdang pampanitikang lokal na may kasiningan sa mga mag-aaral, samantalang ang kontekstuwalisasyon ay pagbuo ng bagong kasanayan, kakayahan, kaalaman at kaasalan ng mga mag-aara sa pagsasabi ng mga makabagong kabuluhan at mga napapanahong pangyayari sa kanilang particular na lugar na ginagalawan. Ito rin ay isang paraan na kung saan kinapapalooban ng iba't ibang paraan na may layuning ipakita ang kaugnayan ng disiplina sa konteksto ng pagtuturo at mga kagamitan.

Sa panahon ng COVID-19 kung saan limitado ang paggalaw ng lahat at hindi maaring basta-basta gawin ang isang aktibidad. May ginagawa ang paaralang Dr. Panfilo Castro National High na isang lokalisasdong lakbay aral bago pa magkaroon ng pandemya. Ito ay may layuning maipakilala sa mga mag-aaral nang nasabing paaralan ang kanilang lugar na pinanggalingan, ang Candelaria, Quezon, dahil batay sa isinagawang root cause analysis ay lumabas na kulang ang mga mag-aaral sa impormasyon at kaaalaman sa kanilang sariling bayan. Kaya naman upang ituloy ang layuning "Huwag maging dayuhan sa sariling bayan" sa panahon ng pandemya, ang mananaliksik ay humanap ng mga piling akdang pampanitikan ng naturang bayan na siyang magiging kagamitan sa pagtuturo upang nang sa ganoon ay patuloy na makikilala ng bawat isang batang Panfilo ang kanilang pinagmulang bayan. Hindi man magawa ang naunang pedagohiya ang local field trip na ginagawa taon-taon ng naturang paaralan, ito naman ang naging tugon sa kasalukuyang panahon. Dahil naniniwala ang mga mananaliksik na kailangang matutuhan at malaman pa rin ng mga mag-aaral ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa naturang lugar dahil ito ay salamin ng nakaraan at batayan ng kasalukuyan.

## I. LAYUNINNGPANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na Mga Piling Akdang Pampanitikan sa Candelaria, Quezon bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagpapalawak ng Talasalitaan,ninanais ng mananaliksik na matugunan ang mga susumunod na katanungan: 1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon bilang Kagamitan sa Pagtuturo batay sa:layunin, nilalaman, atkahulugan? 2. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa:denotasyon, konotasyon, atimahinasyon? 3. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria batay sadenotasyon, konotasyon, atimahinasyon? 4.May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pag-unawa sa pagpapalawak ng talasalitaan mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin Mga Piling Akda sa Candelaria Quezon? 5.May makabuluhang kaugnayan ba ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon sa Pagpapalawak ng Talasalitaan?

## II. METODONGPANANALIKSIK

Sakop ng pag-aaral na ito ang Mga Piling Akdang Pampanikan ng Candelaria, Quezon bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino at sa Pagpapalawak ng Talasalitaan ang mga mag-aaral ng Dr. Panfilo Castro National High na mayroong strand na Humanities and Social Sciences na 31 lalaki at 41 na babae, Accountancy, Business and Management na 8 lalaki at 20 na babae, na may kabuoang 100 na mag-aaral. Sa ikatlong kwarter isinagawa ang naturang pag-aaral dahil sa bahaging ito ay tinalakay ang pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto na siyang magiging lunsaran sa mga gagawaing activity sheets na naglalaman ng mga mahahalagang impormasyon tungkol sa nasabing lugar. Sila ang napiling mga tagasagot dahil batay na rin sa mga isinagawang mga pagsasanay na may kaugnay sa pagpapalawak ng talasalitaan at pagbibigay ng interpretasyon sa mga babasahin, lumabas na masyadong mababa ang kanilang mga nakuhang marka. Kaya naman maaring iugnay ang naturang pag-aaral sa mga talakayan sa mga naturang aralin. Ang talakayan ay ginawa sa pamamagitan nang pagbibigay ng module sa mga mag-aral na naglalaman ng Mga Piling Akdang Pampanikan ng Candelaria, Quezon bilang Kagamitan Sa Pagtuturo ng Filipino at sa Pagpapalawak ng Talasalitaan. Ang talatanungan na binuo ay naglalaman ng mga katanungang sumukat sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Pagkatapos nito ay inenterpreta ito tulong ng statistician upang mas maging balido ang resulta.

Ang disenyo ng pag-aaral na ito ay one group Experimental o ang pre-test at post-test design nakatuon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay bumuo at nagpasagot ng talatanungan na nauukol sa sa mga piling akdang pampanitikan ng Candelaria, Quezon. Ang pag-aaral na ito ay Mga Piling Akdang Pampanikan ng Candelaria, Quezon bilang Kagamitan Sa Pagtuturo ng Filipino at sa Pagpapalawak ng Talasalitaan, dito ay maaring gamitin ang proseso ng dokumentasyon ng wika upang makalikom ng nauugnay na impormasyon at data. Sa pag-aaral ni Tolentino (2021) na nakasalig kay Blanton (1969) na isinagawa habang tinatalakay sa mag-aaral sa mapamamagitan ng module o activity sheets na tinutugunan ang kakaksayahan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagbasa. Mula rito ay matutukoy ng mananaliksik kung may natutuhan ba ang mga mag-aaral mula sa ginamit na mga salita. Mula sa ginawang pre-test ng mananaliksik ay nasukat ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga ilang wika sa naturang panahon. At pagkatapos gamitin ang nito ay ay isinagawa naman ang post-test.

## IV. RESULTAATDISKUSYON

**TALAHANAYAN 1. Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa LAYUNIN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo**

| Indicators | | Mean | SD | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Layunin1 | Nakatulong ng malaki ang Mga Piling Akdang Pampanitikan sa Candelaria, Quezon bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagpapalawak ng Talasalitaan upang makilala ang lugar na pinagmulan. | 4.31 | 0.73 | Sumasang-ayon |
| Layunin2 | Nakapagbigay ng malalim na pag-unawa ang Mga Piling Akdang Pampanitikan sa Candelaria, Quezon bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagpapalawak ng Talasalitaan | 4.16 | 0.66 | Sumasang-ayon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Layunin3 | Naging dahilan ang Mga Piling Akdang Pampantikan ng Candelaria Quezon upang Lumawak ang Talasalitaan. | 4.36 | 0.66 | Sumasang-ayon |
| Layunin4 | Naipamalas nang mahusay sa pagbibigay ng hinuha sa gamit ang mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon. | 4.19 | 0.73 | Sumasang-ayon |
| Layunin5 | Naisa-isa ang layunin sa bawat akdang binasa. | 4.23 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| Layunin6 | Naragdagan ang kaalaman sa kasalukuyang lugar na pinagmulan gamit ang mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon. | 4.46 | 0.61 | Sumasang-ayon |
| Layunin7 | Nailalapat ang kahulugan sa isang sitwasyon gamit mga piling akdang binasa. | 4.26 | 0.68 | Sumasang-ayon |
| Layunin8 | Nakapagbigay ng katwiran sa kasalukuyang pangyayari ang mga akdang binasa. | 4.26 | 0.65 | Sumasang-ayon |
| Layunin9 | Nakapagbahagi ng kaalamang mag-isip gamit ang mga akdang binasa. | 4.30 | 0.64 | Sumasang-ayon |
| Layunin10 | Nakamit ang layuning lumawak ang bokabularyo gamit ang mga piling akda sa Candelaria, Quezon. | 4.34 | 0.68 | Sumasang-ayon |
| | Overall | 4.29 | 0.46 | Sumasang-ayon |

***Pananda***: 4.50-5.00 Lubos na sumasang-ayon (LS), 3.50-4.49 Sumasang-ayon (S), 2.50-3.49 Digaanong sumasang-ayon (DSG), 1.50-2.49, Di sumasang-ayon (DS) 1.00-1.49 Lubos na di sumasang-ayon (LDS)

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot batay sa LAYUNIN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 6 ay may Mean na 4.46 at may SD na 0.61 na may berbal na interepretasyon na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 2 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.16 at may SD na 0.66 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral ay nabatid ang layunin nito, dahil batay na rin dito ang pinakamataas at pinakamababang indikeytor ay nagkaroon ng sumasang-ayon.

Kaya naman ayon sa pag-aaral Tolentino (2021) binanggit ang pahayag ni Clarke (2012) matatamo lamang ang layunin ng wika kung ang ipinapahayag nito ay maliwanag na naipaparating sa nagbabasa o kausap nito. Mas madaling makapagbigay ng nalalaman ang tao kung ang ipinapahiwatig nito ay maayos na natnggap ang layunin.

**TALAHANAYAN 2. Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa NILALAMAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo**

| Indicators | | Mean | SD | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman1 | Nakapupukaw ng atensiyon ang mga piling akdang binasa. | 4.35 | 0.67 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman2 | Nakawiwiling basahin ang mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon. | 4.31 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman3 | Naiaangkop ang sarili sa binasang mga piling akda. | 4.34 | 0.73 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman4 | Maaaring suriin at bigyan ng panibagong kahulugan ang mga salita sa binasang akda. | 4.31 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman5 | Maaring gamitin ang mga | 4.29 | 0.67 | Sumasang-ayon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | piling akda bilang gabay na babasahin upang makapagbigay ng malawak na bokabularyo. | | | |
| Nilalaman6 | Ang piling akdang binasa ay nag-iiwan ng magandang aral sa buhay ng mga mambabasa. | 4.37 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman7 | Ang mga piling akdang binasa ay kakikitaan ng mga karanasang hindi malilimutan. | 4.47 | 0.63 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman8 | Ang mga piling akdang binasa ay nag–iiwan ng marka sa mambabasa na lumabas upang mapalawak ang talasalitaan. | 4.50 | 0.61 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Nilalaman9 | Ang mga Piling Akdang binasa maaaring kakitaan ng matalalinhagang kahulugan. | 4.28 | 0.75 | Sumasang-ayon |
| Nilalaman10 | Kinakailangang basahin at unawaing mabuti upang makapagbigay na mas malalim na kahulugan. | 4.46 | 0.74 | Sumasang-ayon |
| Overall | | 4.37 | 0.44 | Sumasang-ayon |

***Pananda***: 4.50-5.00 Lubos na sumasang-ayon (LS), 3.50-4.49 Sumasang-ayon (S), 2.50- 3.49 Di- gaanong sumasang-ayon (DSG), 1.50-2.49, Di sumasang-ayon (DS) 1.00-1.49 Lubos na di sumasang-ayon (LDS)

Ipinapakita ng **Talahanayan 2** ang Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot batay sa NILALAMAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 8 ay may Mean na 4.50 at may SD na 0.67 na may berbal na interepretasyon na Lubos na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 9 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.29 at may SD na 0.75 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Pinatunayan lamang na ang nilalaman ng Kalipunan ng mga salita sa panahon ng pandemya ay nakatulong sa malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral, dahil lumas na batay sa pananaw ng mga mag-aaral ay may lubos na sumasang-ayon may pinaka mababa man ay sumasang-ayon pa rin ang naging berbal na interpretasyon nito.

Sa pag-aaral ni Tolentino (2021) binanggit ang pahayag ni Boudeiu (1991) sa kanyang Language and Symbolic Power na ang pagkakaroon ng lehitimong wika sa lipunan ay ang nagpapatatag ng ugnayan batay sa kahulugan ng nais iparating ng tagapagsalita. Kasama na rin sa pinatatatag ng wika at pinapaunlad nito ang iba't ibang larangan dahil na rin sa pagkakaunawaan sa nilalaman na nais ibahagi.

.

**TALAHANAYAN 3. Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa KAHULUGAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo**

| Indicators | | Mean | SD | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| Kahulugan1 | Naibigay ang konotasyong kahulugan ng mga salitang sa mga piling akdang binasa. | 4.31 | 0.65 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan2 | Naaninag ang simbolismong kahulugan ng mga salitang binasa sa mga piling akdang binasa. | 4.24 | 0.73 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan3 | Naisa-isa ang denotasyong kahulugan ng mga salita sa mga piling akdang binasa. | 4.17 | 0.78 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan4 | Naibahagi ang kahulugan sa pakikipag-usap sa kapwa na nabasa sa mga Piling akdang binasa. | 4.35 | 0.69 | Sumasang-ayon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kahulugan5 | Naibahagi ang imahinasyong kahulugan batay sa binasang akda. | 4.39 | 0.62 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan6 | Nailahad na mainam ang kahulugan ng mga mga salita sa akdang binasa. | 4.32 | 0.71 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan7 | Nagbigay sa mambabasa na sapat na impormasyon at mahusay na hinuha gamit ang mga Piling akdang binasa. | 4.41 | 0.67 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan8 | Naipamalas sa mga mambabasa ang kahulugang nais ipabatid ng binasang akda. | 4.36 | 0.72 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan9 | Ang kahulugan ng mga salita sa piling akdang binasa ay nagpalabas ng kahusayan sa pagpapalawak ng talasalitaan. | 4.37 | 0.68 | Sumasang-ayon |
| Kahulugan10 | Ang kahulugan ng mga Piling Akdang binasa ay lubhang nakatulong sa pagbibigay katwiran sa paraang malikhaing pag–unawa. | 4.38 | 0.63 | Sumasang-ayon |
| | Overall | 4.33 | 0.47 | Sumasang-ayon |

***Pananda***: 4.50-5.00 Lubos na sumasang-ayon (LS), 3.50-4.49 Sumasang-ayon (S), 2.50- 3.49 Di- gaanong sumasang-ayon (DSG), 1.50-2.49, Di sumasang-ayon (DS) 1.00-1.49 Lubos na di sumasang-ayon (LDS)

Ipinapakita ng **Talahanayan 3** ang Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot batay sa KAHULUGAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 7 ay may Mean na 4.41 at may SD na 0.67 na may berbal na interepretasyon na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 3 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.17 at may SD na 0.78 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Pinatunayan lamang sa pag-aaral ni Concepcion (2016) na matatamo lamang ang kahulugan ng mga salita kung ito ay naging malinaw para sa mga tagapakinig o tagasagot. Mas mainam na maipaliwanag muna sa kanilang ng husto ang mga gagawin sa mga salita upang ito ay mas madali na maunawaan ang kahulugan nito.

At ayon sa Modelo ni David Berlo (1960) na binatayan sa paga-aral ni Tolentino (2021) na ibinahagi niya sa diyagram na S**M**CR sa bahaging mensahe ang kapag mahusay ang kasanayan sa komunikasyon ng parehong tagapagsalita at tagatanggap higit na nagiging epektibo ang paghahatid ng mensahe, kapag ang kahulugan ng wika na nais iparating sa ay magkakaroon ng mahusay na ugnayan at maaring makatulong upang lumabas ang kasanayan.

**TALAHANAYAN 4. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Denotasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90andabove | 2 | 2.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 4 | 4.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 7 | 7.0 | Mahusay |
| 75-79 | 23 | 23.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 64 | 64.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 4**, sa antas ng denotasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 2 lamang mula sa 100

na mag-aaral o 2% porseiyento lamang ang nasa **pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 64 mula sa 100 o 64% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

**TALAHANAYAN 5. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Konotasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90andabove | - | - | Pinakamahusay |
| 85-89 | - | - | Napakahusay |
| 80-84 | - | - | Mahusay |
| 75-79 | 2 | 2.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 98 | 98.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 5**, sa antas ng konotasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 2 lamang mula sa 100 na mag-aaral o 2% porseiyento lamang ang nasa **di-gaanong mahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 99 mula sa 100 o 98% ng mga mag-aaral ang nasa **hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

**TALAHANAYAN 6. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan bago gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Imahinasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90andabove | - | - | Pinakamahusay |
| 85-89 | - | - | Napakahusay |
| 80-84 | - | - | Mahusay |
| 75-79 | 5 | 5.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 95 | 95.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 6**, sa antas ng imahinasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 5 lamang mula sa 100 na mag-aaral o 5% porseiyento ang nasa **Di-gaanong mahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon naman 96 mula sa 100 o 95% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas lamang.

**TALAHANAYAN 7. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Denotasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90andabove | 49 | 49.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 16 | 16.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 16 | 16.0 | Mahusay |
| 75-79 | 9 | 9.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 10 | 10.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 7**, sa antas ng denotasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 49 mula sa 100 na mag-aaral o 49% porseiyento ang nasa **Pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 10 mula sa 100 o 10% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas.

**TALAHANAYAN 8. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Konotasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| 90andabove | 39 | 39.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 40 | 40.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 17 | 17.0 | Mahusay |
| 75-79 | 3 | 4.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 1 | 1.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 8**, sa antas ng konotasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 39 mula sa 100 na mag-aaral o 39% porseiyento ang nasa **Pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 1 mula sa 100 o 1% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas.

**TALAHANAYAN 9. antas ng pag-unawa ng mga tagasagot sa pagpapalawak ng talasalitaan pagkatapos gamitin ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon batay sa: Imahinasyon**

| AntasngKasanayan | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 90andabove | 50 | 50.0 | Pinakamahusay |
| 85-89 | 28 | 28.0 | Napakahusay |
| 80-84 | 18 | 18.0 | Mahusay |
| 75-79 | 3 | 3.0 | Di-gaanong Mahusay |
| 74andbelow | 1 | 1.0 | Hindi nakamit ang inaasahan |
| Total | 100 | 100.0 | |

Ipinapakita lamang ng **Talahanayan 9**, sa antas ng imahinasyon sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang mga piling akda ng Candelaria, Quezon ay ang nagkaroon ng 50 mula sa 100 na mag-aaral o 50% porseiyento ang nasa **Pinakamahusay** na antas ng pag-unawa at mayroon na lamang na 1 mula sa 100 o 1% ng mga mag-aaral ang nasa **Hindi nakamit ang inaasahan** na antas.

**TALAHANAYAN 10. PAGKAKAIBANGANTASNG PAGPAPALAWAK NG TALASALITAANBAGOATPAGKATAPOS GAMTIN MGA PILING AKDA NG CANDELARIA, QUEZON**

| | | | | Paired Differences | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| PAGPAPALAWAK NG TALASALITAAN | Test | Mean | SD | Mean | SD | 95% CI of the Difference | | t | Sig. | Interpretation |
| | | | | | | Lower | Upper | | | |
| Denotasyon | Pre-test | 72.09 | 4.38 | -13.98 | 9.90 | -16.143 | -11.817 | -12.742 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 87.07 | 8.99 | | | | | | | |
| Konotasyon | Pre-test | 69.11 | 1.71 | -18.04 | 7.05 | -19.636 | -16.444 | -22.666 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 88.15 | 6.21 | | | | | | | |
| Imahinasyon | Pre-test | 68.97 | 2.08 | -18.58 | 6.33 | -20.034 | -17.126 | -25.719 | .000 | Sig. |
| | Post-test | 88.55 | 6.05 | | | | | | | |

Ipinapakita ng **Talahanayan 10** ang naging resuta ng pre-test at post na isinagawa sa mga mag-aaral gamit ang Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino at sa Pagpapalawak ng Talasalitaan, sa batay sa Denotasyon na nagkaroon ng sa t-value na -12.742, konotasyon na -22.666 at ang imahinasyon na -25.719 at gamit ang p-value na .000, ang naging resulta nito ay significant. Kaya naman ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagpapalawak ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang mga mga piling akdang pampanitikan ng Candelaria, Quezon ay **hindi tanggap** o **rejected**, samakatuwid ang mga naturang akda ay nakatulong malaki sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral, dahil sa nagkaroon ng pagtaas sa mga nakuhang puntos ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang mga mga piling akdang pampanitikan ng Candelaria, Quezon.

Ayon sa Pag-aaral ni Latorre (2021) binangit ang pag-aaral ni Lacson (2020) na may pamagat na Kontekstuwalisadong Aralin sa Filipino Baitang 7: Isang Eksperimental na Pag-aaral, ipinakita lamang na may pagkakaiba ang naging pre-test at post-test na pagsusulit gamit ang ibinigay na Kontekstuwalisadong akdang pampanitikan.

Ayon kay Baer (2017) sa kanyang kontekstuwalisasyon at lokalisasyon edukasyon na nakaangkla sa seksyon 10.2, Implementing rules and regulations for RA 10533. Ang localized o kontektuwalized na kurikulum ay nakaangkla sa mga akdang pampanitikang lokal na may kasiningan sa mga mag-aaral, samantalang ang kontekstuwalisasyon ay pagbuo ng bagong kasanayan, kakayahan, kaalaman at kaasalan ng mga mag-aara sa pagsasabi ng mga makabagong kabuluhan at mga napapanahong pangyayari sa kanilang particular na lugar na ginagalawan. Ito rin ay isang paraan na kung saan kinapapalooban ng iba't ibang paraan na may layuning ipakita ang kaugnayan ng disiplina sa konteksto ng pagtuturo at mga kagamitan.

**TALAHANAYAN 11. MAKABULUHANGKAUGNAYANNGMGAPILING AKDA NG CANDELARIA, QUEZON BILANG KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG FILIPINO AT PAGLALAWAK NG TALASALITAANNGMGAMAG-AARAL**

| | Denotasyon | Konotasyon | Imahinasyon |
|---|---|---|---|
| **MGA PILING AKDA NG CANDELARIA QUEZON** | | | |
| Layunin | -.131 | -.077 | -.028 |
| Kahulugan | -.020 | -.116 | -.164 |
| Nilalaman | -.052 | -.050 | -.043 |

Legend: $p < 0.05$: Significant, $p > 0.05$: Not Significant

Ipinakikita sa **Talahanayan 11** na **mayMakabuluhang Kaugnayan** ang Mga Piling Akda Ng Candelaria, Que… …k ng Talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa La…

Samantala **mayMakabuluhang Kaugnayan** ang Mga Piling Akda Ng Candelaria, Quezon Bilang Kagamitan Sa Pagtuturo ng Filipino at Paglalawak ng Talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa kahulugan naman ay may r=-020, r-116, r=-164 at

Ang pinakahuli ay na **mayMakabuluhang Kaugnayan** ang Mga Piling Akda Ng Candelaria, Quezon Bilang Kagamitan Sa Pagtuturo ng Filipino at Paglalawak ng Talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa nilalaman na may r=-.52 r=-.050 at r=-.043.

Kaya naman, hindi tinanggap o **rejected** ang hinuhang May makabuluhang kaugnayan ba ang Mga Piling Akda sa Candelaria, Quezon sa Pagpapalawak ng Talasalitaan.

Sa pag-aaral ni Gonzales (2016) lumabas na ang ang mga akdang pamapanitikang ginamit at ibinigay sa mga mag-aaral ay nagkroon ng makabuluhang kaugnayan sa pagkatututo ng mga ito. Kaya naman ito ay maituturing may makabuluhang kaugnayan ang mga naturang panitikan sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mga mag-aaral.

## IV. KONKLUSYON

1. Sa Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot batay sa LAYUNIN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 6 ay may Mean na 4.46 at may SD na 0.61 na may berbal na interepretasyon na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 2 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.16 at may SD na 0.66 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral ay nabatid ang layunin nito, dahil batay na rin dito ang pinakamataas at pinakamababang indikeytor ay nagkaroon ng sumasang-ayon.
2. Batay naman sa NILALAMAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 8 ay may Mean na 4.50 at may SD na 0.67 na may berbal na interepretasyon na Lubos na

Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 9 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.29 at may SD na 0.75 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Pinatunayan lamang na ang nilalaman ng Kalipunan ng mga salita sa panahon ng pandemya ay nakatulong sa malikhaing pag-unawa ng mga mag-aaral, dahil lumas na batay sa pananaw ng mga mag-aaral ay may lubos na sumasang-ayon may pinaka mababa man ay sumasang-ayon pa rin ang naging berbal na interpretasyon nito.

3. At sa KAHULUGAN ng Mga Piling Akda ng Candelaria Quezon Bilang Kagamitan sa Pagtuturo, na ang indikeytor 7 ay may Mean na 4.41 at may SD na 0.67 na may berbal na interepretasyon na Sumasang-ayon ang mga tagasagot. Habang ang indikeytor 3 naman ay ang pinakamababang Mean na 4.17 at may SD na 0.78 na may interpretasyon pa rin na Sumasang-ayon ang mga tagasagot.
4. Batay naging resulta ng pagpapasagot sa mga mag-aaral bago gamitin ang ang mga Piling Akdang Pampatikan ng Candelaria, Quezon hindi nakamit ang inaasahan at pawang mga mababa ang kanilang mga nakuhang puntos.
5. Pagkatpos naman gamitin ang Piling Akdang Pampatikan ng Candelaria, Quezon ay tumaas at nasa pinakamahusay na ang antsa ng mga mag-aaral. Makikita rin sa ginawang pag-aaral na nakatulong ng malaki ang mga mga naturang akda sa pagpapalawak ng Talasalitaan ng mga mag-aaral.
6. Ang hinuha ay hindi tanggap o rejected dahil mayroong pagkakaiba ang antas ng pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamtin ang mga Piling Akdang Pamapanitikan ng Candelaria, Quezon.
7. Ang hinuha rin na makabuluhang kaugnayan ay hindi tinanggap dahil sa batay sa resulta ay nagkaroon ng makabuluhang kaugnayan ang mga Piling Akdang Pampatikan Candelaria, Quezon sa Pagpapalawak ng Talasalitaan.

Ang mga sumusunod ay iminumungkahi batay sa naging kongklusyon ng pag- aaral:

1. Para sa mga mag-aaral, maaaring gamitin ang mga piling akdang pampanitikan ng Candelaria, Quezon upang lumawak ang kanilang talasalitaan.
2. Para sa mga guro, maaring bumuo pa ng mas marami pang activity sheets o kontektuwalisadong modyul upang mas makilala ng mga mag-aaral ang kanilang lugar na pinagmulan.
3. Sa mga paaaralan, maaaring maglunsad muli ng isang lokal na lakbay-aral upang makita ng mga mag-aaral ang mga magaganda at impormatibong lugar ng kanilang bayang pinagmulan.

## SANGGUNIAN

[1] Acopra, Jioffre A. et.al. 2018. Kontekstwalisadong Filipino sa Malayuning Komunikasyon. Intramuros Manila: Mindshapers Co., Inc.
[2] Acopra, Jioffre A. et.al. 2015. Retorika (Sining ng Pagpapahayag Pandaluhasaan). Mandaluyong City: Books Atbp., Publishing Corp.
[3] Acopra, J., Ballesteros, T., Carada, I., Larrios, J., Sion, A., at De Castro J. 2015. Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina (Introduksyon sa Pananaliksik). Intramuros, Manila: Minshapers Co., Inc.
[4] Aguilar, Jennifer L. and Jomar I. Canega. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.
[5] Amabile, T. M. (1996). Creativity in context: Update to the social psychology of creativity. Boulder, CO: Westview.
[6] Cecilia S. Austrero , Lourdes S. Bascuna (2018) Komunikasyon at Pananaliksik Sa Wika at Kulturang Pilipino :Sibs Publishing House
[7] Clarke, M. A. (1980). The Short Circuit Hypothesis of ESL Reading – or When Language Competence Interferes with Reading. The Modern Language Journal, 64 (1), pp. 203-210.
[8] ADAMS, PHYLLISS J. (1968) CREATIVE READING. E BOSTON, APRIL 24- 27, 1968 https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED020090.pdf
[9] Galileo S. Zafra, Michael M. Coroza (2006) Mga Salita ng Taon 2005 The University of the Philippines Press, UP Press building UP. Campus, Diliman, Quezon City, 1101